

## 21

Tapos na kaming kumain at naglalalandian—I meant, *lambingan*—naglalambingan na lang kami sa sofa nang may kumatok sa pinto ng opisina ni Mere at umikot ang doorknob. Hindi iyon bumukas dahil ini-lock ko iyon kanina. Kasunod naming narinig ang tawag ni Daddy Eman mula sa labas.

Nagmamadaling umalis sa kandungan ko si Meredith. Buti na lang, kasi sa bilis din ng pagtayo ko, baka nalaglag siya kung nakaupo pa siya roon. Isinuot niya ulit ang mga sapatos niya at inayos ang palda niya habang inuunat ko at hinihigpitan ang kurbata kong lumuwag na pala.

Nang buksan ni Mere ang pinto, ginawa kong life goal ang magmukhang convincing na nagliligpit lang ako ng mga pinagkainan namin.

*Totoo pong wala sa ilalim ng palda ng anak n'yo ang inosente kong mga kamay bago kayo kumatok, Daddy.*

“Ay, sorry,” sabi ni Dad nang humalik si Mere sa pisngi niya. “Naistorbo ko ba ang pagkain n'yo?”

Base sa tono niya, alam ko na alam niyang hindi pagkain namin ang naistorbo niya. Napangiti na lang ako sa hiya, at nag-blush si Mere. Mga mukhang guilty.

“Kakatapos lang po naming kumain, Dad,” sagot ni Mere

sa tatay niya. “Nagliligpit lang po kami. Kumain na po ba kayo?”

“Oo, galing ako sa meeting d’yan lang. Nagpa-lunch sila.”

Tumango si Mere at sinalubong pa ako nang maglakad ako papunta sa pinto. Tuliro yata siya kasi akmang kukunin niya sa akin ang mga pinagkainan namin na itatapon ko na sa basurahan sa pantry. Hindi naman niya siguro gustong itago pa ang mga iyon, di ba? Naitabi ko naman na iyong paper bag.

“Ako na,” sabi ko na nakangiti sa kanya.

Binalingan niya ulit si Dad. “Ba’t pala kayo napadaan, Dad?”

“Kakausapin ko sana si Ash—”

*Hala. May ginawa ba ako?*

Naalala ko na naman iyong mga kamay kong nasa ilalim ng palda ni Mere kanina lang.

“Inaya kasi ako nina Tito Ramon mo sa Saturday. Gusto ko sanang isama si Ash kung wala siyang pupuntahan.”

Saglit na nanlaki ang mga mata ko. “Ako po?” tanong ko na itinuro pa ang sarili.

“Oo. Nag-go-golf ka ba?”

Hindi ko napigilan ang pagkunot ng ilong ko. “By nag-go-golf po ba, ang ibig ninyong sabihin, eh, kung tumatambay ako sa kainan sa golf course kapag nandoon ako? Then, opo, nag-go-golf po ako.”

Ngumisi ang tatay ni Mere. “Tamang-tama. Yun lang din ang gusto ko sa golf course. Ewan ko ba kung bakit expected

ng mga taong marunong akong mag-golf porke CEO ako ng isang malaking kompanya.”

“Eh ba’t kasi sasama ka pa, Dad? Sana tumanggi ka na lang. Di naman makakapalag ang mga ’yun,” biro ni Mere.

“Minsan talaga kailangan mong magpanggap para makisama,” buntong-hininga ng tatay ni Mere bago ako muling binalingan. “Naglalaro ba si Kuya Lex mo o ang daddy mo?”—Nangilo ako sa alam kong susunod niyang sasabihin.—“Ayain mo na rin sila nang marami tayo.”

“Si Kuya Lex po naglalaro ’yun pero parang kayo... plastic din. Ay, nakikisama po pala,” pagtatama ko nang matawa ang mag-ama. “Naglalaro siya para makisama sa mga kliyente. Si Dad po, ’yun talaga ang mahilig mag-golf. Sasabihan ko po sila. Basta d’un lang po ako sa kainan d’un, ah.”

“Walang problema. Sasamahan pa kita. Mga eight AM ng sabado sa *Wack-Wack*. P’wede namang ipasundo ko kayo kay Midel.”

“Okay na po, Dad. May mga driver naman ang mga ’yun.”

Ako lang naman ang dukhang walang sariling driver sa amin.

“Sige. D’un na lang tayo magkita-kita. At oo nga pala,” dagdag ni Dad. “Ipinadala sa ’tin ng PR ’yung schedules ng interview ninyo, ah. Sa Friday na pala ’yun?”

Nagkatinginan kami ni Mere, bago namin muling hinarap si Dad.

“Wala pa po kaming natatanggap ni Ash.”

“Kakapadala lang,” sabi ng tatay niya. “Baka habang nag-

la-lunch kayo.”

Hindi na kami nagtinginan ni Mere n'un. Baka kasi mahalata ni Daddy na iba sana ang balak kong i-lunch kung wala lang dalaw si Mere.

Sandali pa siyang nakipag-usap bago nagpaalam na babalik na sa opisina. Dumaan lang din daw siya sa opisina ng isa sa mga VPs.

Sa wakas ay naitapon ko na rin iyong mga pinagkainan namin ni Mere. Tinawag niya ako nang dumaan ako ulit sa pintuan ng office niya.

“Okay ka lang sa Friday, Ash?” concerned niyang tanong.

Tumango ako kahit di ko pa nakikita ang email. “Ano'ng sabi ng PR?”

“Umaga 'yung interview sa TV. Morning show 'yun, di ba? Live pala siya kaya pupunta tayo sa station nang maaga. Then derecho tayo d'un sa magazine, then after lunch na 'yung newspaper interview. Magpa-drive na lang tayo kay Kuya Midel o kay Kuya Randy para hindi ka na magmaneho.”

“Okay,” sabi ko na lang. Sigurado kong kabado ako n'un. Kaysa naman distracted ako sa pagmamaneho. Mabangga pa ako. Alam mo namang may phobia na ako sa bangga, lalo na ngayong driver na ako ni Miss Balajadia.

“Tapos derecho na lang tayo ng *Megamall* pagkatapos kasi Friday din tayo mag-va-*Vikings*, di ba? Meet natin 'yung barkada. Kung gusto mo, manood pa tayo ng sine. Hindi pa kaya tayo nanonood ng sine na magkasama.”

“Oo nga, 'no?”

“Bakit nga ba?” tanong niya, nangingiti na.

“Kasi mas madali kitang mahihipuan kung sa bahay lang tayo at DVD lang ang pinapanood natin?”

Bumunghalit siya ng tawa. “God, Ash! Wala ka pang isang linggong walang sex n’yan!”

Lumabi ako. “Ang tagal kaya ng limang araw! Tokwa na ’yung taho ko!”

Itinulak niya ako palayo, malakas pa ring tumatawa. “Binalahura mo na lahat ng pagkain!”

Tumawa na rin ako. “Sige na. Friday. Ihahanda ko na ang sarili ko.”

Tumango siya. “Oh, and may plans ka ba mamaya sa dinner?”

Ngumiti ako. “Meron sana. Ikaw ba?”

“Meron din sana, pero okay lang kung plans mo muna ang gawin natin.” She gave me a bright, happy smile. “Sa second month na lang natin ako babawi.”

Napangiti na rin ako at natuwa kasi seryosohang hindi lang first monthsary ang isi-celebrate ko kasama niya. Every month to infinity and beyond na ’to. Hinalikan ko siya ulit, sa mga labi na. “All right. Ikaw na’ng bahala sa second.”



Isinaksak ko lahat ng mga meetings ni Mere ng Wednesday ng umaga sa Wednesday ng hapon at sa Thursday. May plano nga ako ulit, di ba? Ayokong maistorbo. Makiki-meeting na rin ako para di siya mapagod. Buti na lang din at libre pa ang Friday namin maliban sa isang meeting ng

3 PM na ni-resched ko ng Monday. 'Ayan, wala na kaming problema.

Nang mag-alas-cinco na, nag-shutdown na ako ng PC at kumatok na sa opisina ni Mere.

“Sandali na lang, sandali na lang!” sabi niya habang mabilis na nagta-type. Lumapit ako at umupo sa ibabaw ng mesa niya at pinanood siya habang nagbabasa siya ng message sa screen hanggang sa i-click niya ang send. Pagkatapos ay nag-shutdown siya ng computer, tumayo at niyakap ako na para bang sampung taon akong hindi nakita. Natawa ako pero niyakap ko rin siya nang mahigpit sa baywang bago hinaplos ang likod niya.

She pulled away and grinned at me. “Halika na. Ano ba’ng plano mo?”

“Magpapa-deliver ako ng *McDo* sa bahay ’tapos try na natin ’yung swimming pool nating di pa natin nagagamit,” sabi ko kahit pa biro lang. Gusto ko lang makita ang magiging reaksyon niya sa walang kalatoy-latoy kong plano para sa first month celebration namin.

“Okay!” she said cheerfully bago tumungo sa pedestal niya para kunin ang bag niya.

Sabi sa ’yo mababaw lang ’tong baby girl ko, eh. Kaya nga mas gusto ko siyang i-impress.

O dahil ba kasi talagang mahal ko siya kaya gusto kong masaya siya lagi?

Tahimik lang akong nakikinig sa sinasabi niya habang naglalakad kami pauwi. Iniisa-isa niya iyong nga gusto

niyang kainin sa *McDo*. Talagang naniwala siyang ganoon ako ka-corny? Nag-settle na siya sa double cheeseburger, large fries at *Coke* float nang makaakyat kami sa condo.

Noon niya naalala ang mga balloons niya at excited niyang inisa-isa iyong mga pictures na nakatali sa dulo ng mga ribbons. Niyakap ko siya sa baywang at hinalikan siya sa pisngi.

“Bukas mo na iligpit ’yang mga pictures,” sabi ko nang sumandal siya sa dibdib ko. “Baka matagalan tayo. Kailangan pa nating mag-empake.”

Tiningala niya ako. “Empake?”

Ngumisi ako at tumaas-baba ang mga kilay.

“What are you up to, baby boy?”

“Something,” inosente kong sagot bago kinuha ang kamay niya para igiya siya sa kuwarto namin. “Mag-empake ka ng date dress, pantulog saka ng bihisan bukas pang-office. Mag-o-overnight tayo.”

“Saan?” excited niyang tanong.

I kissed her nose. “Mamaya na. Surprise na lang. Mag-empake ka na kasi ma-traffic na. Baka late na tayo dumating.” At dahil sinumpong ako ng kapilyuhan, ako naman ang nangurot sa puwet niya. Napatili siya, tumawa at gumanti ng hampas bago nagmamadaling nagpunta sa closet namin. Ilang minuto lang ay nakapag-empake na siya ng mga damit at toiletries naming dalawa at sakay na ulit kami ng elevator pababa ng building.



Nagmaneho ako papunta sa surprise destination namin. Gaya ng dati, hawak ko ang kamay niya kapag di ko kailangan ng dalawang kamay sa pagmamaneho habang makulit siyang nagtatanong kung saan kami pupunta.

Nang huminto ako sa isang stoplight, kinabig ko siya at mariing hinalikan. Eh, di natahimik siya.

Pero nang makabalik ako sa maayos na pagkakaupo sa driver's seat, nagsalita siya ulit.

“So, saan nga tayo pupunta?”

“Mamaya na nga sabi. Kulit! Gusto mo lang yatang mahalikan ulit, eh.”

“Oo nga.” Napalingon ako sa kanya at tumawa siya. Pero siya na ang lumapit at humalik sa akin. “Excited lang talaga ako,” sabi niya nang lumayo siya sabay kurot sa ilong ko.

“Baby girl, huwag kang mako-corny-han sa gagawin ko, ha. Tandaan mo, technically, first monthsary 'to na isi-celebrate ko.”

Inabot niya ang kamay ko. “Baby boy, wala namang corny sa 'kin pagdating sa 'yo. Kahit sabihin mong kakain lang tayo ng balut sa *Luneta* ngayon, magiging masaya pa rin ako kasi ikaw ang kasama ko.”

“Eh, kung p'wede ka na kasi, talagang bibili ako ng balut. Kaso hindi pa.”

Sinundot lang niya ako sa tagiliran bago muling humarap sa labas ng bintana para subukang hulaan kung saan kami papunta.

Bandang alas ocho na kami nakarating sa Tagaytay.



“Matagal ko nang gusto mag-overnight dito kaya lang wala akong kasama!” sabi niya habang nakatingin sa labas ng bintana. Binabagtas namin ang driveway patungo sa parking lot ng renovated mansion na hotel/restaurant ng mga Arellano kung saan kami unang nagpunta ni Mere matapos kong mabawi ang kotse ko.

Corny ba? Parang gusto ko lang kasing ulitin iyong mga ginawa naming “firsts.” Sayang nga at mukhang malabong kasama sa “firsts” na iyon ang *first* namin ni Mere kasi hindi na natapos ang period niya.

Ipinarada ko ang kotse sa tapat ng mansion bago siya nilingon. “So okay lang na dito tayo?” tanong ko, nakikiramdam.

“Yes!” Inalis niya ang seatbelt niya at niyakap ako. “Thank you!”

Nakahinga na ako nang maluwap. “You’re welcome,” I said into her hair.



Nag-check in kami pagkatapos ay umakyat na kami sa kuwarta namin sa second floor. May view iyon ng *Taal Lake* at *Taal Volcano* pero dahil gabi, hindi namin aninag ang tanawin. Okay lang. Bukas na lang ng umaga.

Sabi ko kay Mere, magbihis na muna siya para sa dinner at may aasikasuhin lang ako sa ibaba. Pagkatapos ay bumaba na ako sa concierge para itanong kung okay na ba iyong ni-request ko sa kanila. Okay na okay na raw. Nahiya pa ako at sinabing baka napaka-demanding ko. P’wede naman silang

tumanggi. Siniguro ng concierge na hindi raw, na kayangkaya nila ang mga hiniling ko.

Nang umakyat ako ulit, kakalabas lang ni Mere mula sa shower, nakabalot ng tuwalya ang katawan pero nakaipit ang buhok, siguro para hindi mabasa kaninang naliligo siya. Nagngitian kami na para bang medyo nahihiya sa isa't isa. Ewan ko kung bakit. Wala naman akong hiya, di ba? Pero basta excited akong di ko maintindihan na kinakabahan kasi baka pumalpak itong gabing ito.

Mabilis akong nag-shower. Paglabas ko ng banyo, nasa dresser na si Mere at nag-me-makeup na. Hindi ko alam kung paano niya naayos kaagad ang buhok niyang nakapusod na sa may batok niya at may ilang hiblang nakawala at nasa magkabilang banda ng noo niya. Nakasuot siya ng backless na itim na bestidang akala ko ay nakatali lang sa leeg niya. Mahaba ang palda n'un pero mula sa kinatatayuan ko sa pintuan ng banyo, kita kong hanggang langit ang slit n'ung damit.

Nakasuot din siya ng itim na sandals na may maninipis na straps. Pula ang ilalim ng mga iyon at mataas ang takong. It only made her legs look endless. At nami-miss ko nang maramdamang nakayakap sa baywang ko ang mga legs na iyon.

Halos marinig kong umingit si *Tabo Boy*. Pagkatapos kasi nito, alam naming dalawang wala kaming mapapala ngayong gabi.

Ngumiti sa akin si Mere nang lumapit ako. Gaya ng

dati, lipstick ang huling-huli niyang inilalagay para nga kasi mahalikan ko siya nang hindi ako nagmumukhang payaso pagkatapos. I kissed her. Kahit talaga maya't maya ko siyang halikan, parang bitin pa rin ako. At di lang dahil tigang ako ngayon. Ganoon lang talaga ang pakiramdam.

“Huwag na tayong bumaba,” bulong niya habang hinahaplos ang pisngi ko. “Dito na lang tayo.”

Hinalikan ko siya sa noo bago ako tumuwid para magbihis na rin. “Hindi p’wede, baby girl. May surprise pa ako.” Tsaka sayang ang bihis mo.”

“Okay naman na, kasi nakita mo na. Sa ’yo lang naman ako nagpapaganda.”

“Di na kailangan. Matagal ka nang maganda.”

Malutong ang tawa niya bago siya nag-blush at muling hinarap ang salamin para tapusin ang pagme-makeup.

Five minutes later, naka-slacks at polo na ako ulit, pero huwag na raw akong magkurbata.

“Parang masyadong casual naman ako habang katabi mo,” sabi ko habang itinutupi niya hanggang siko ko ang isang manggas ng long sleeve ko.

“Okay lang ’yan. Isa ’to sa mga paborito kong porma mo.”

Nang presentable na ako (dahil kailan ba naman di naging presentable si Mere?), magkawak-kamay na kaming bumaba papunta sa restaurant. Nahuli ko iyong tingin ng concierge at tumango ako sa kanya. Nag-thumbs up siya sa akin bago nagmamadaling umalis. Pagkatapos ay iginiya kami ng isang server sa isang mesa na may tatlong tealights na may sindi na.

Iyon din ang mesa kung saan kami pumuwesto ni Meredith noong una.

Tinulungan ko siyang makaupo. At dahil hindi ko natiis, hinalikan ko siya sa kurba ng leeg at balikat bago ako naupo sa sarilil kong upuan sa tabi niya. Alalahanin, ayoko nang malayo sa kanya. At kung kiss ako nang kiss ngayon, hayaan mo na. Monthsary, eh.

“So far so good?” tanong ko sa kanya na medyo nag-aalala.

Tumango siya. “It’s been perfect, so far.”

Agad na ibinaba ng server sa harapan namin ang pagkaing kanina ko pa na-request. Kapareho iyon ng order namin noong unang beses na pumunta kami roon, isang chicken dish para sa kanya at beef dish para sa akin, soups at drinks. Nagpasalamat kami at sinabi ng server na dadalhin na lang daw niya mamaya ang dessert namin. Pagkatapos ay iniwan na niya kami.

Nakita kong pinagmamasdan ako ulit ni Mere at napilitan akong magpaliwanag. “Ganito kasi ’yung first *date* date natin. Medyo kakaiba siya kasi nagkaayaan lang tayo noon ’tapos sinamahan mo akong kunin ’yung kotse ko. Naisip ko na ganito dapat ang first date natin, ’yung pinaghandaan ko talaga, hindi ’yung nagkataon lang. I want to do this because I feel that this is the date you deserve.”

Inabot niya ang kamay ko sa ibabaw ng mesa. “Kahit balut lang, baby boy,” nakangiti niyang ulit sa sinabi niya kanina. “Basta ikaw ang kasama ko.”

Pero kahit na ganoon, basa naman sa luha ang mga mata niya kaya alam kong na-appreciate niya itong ginagawa ko. Tahimik kaming kumain, maya't maya ay nagho-holding hands sa ilalim ng mesa. Nang matapos kami at na-serve na ang dessert, nagsimula na ring tumugtog iyong trio sa isang panig ng dining area.

Hindi lang kami ang kliyente sa restaurant. May dalawa pang pareha at isang maliit na pamilya sa loob. Pero dahil gabi namin ito ni Mere, kaming dalawa ang special. Soundtrack namin ni Mere ang tutugtugin ng trio. Kung ayaw nila ng mga kanta namin na tinutugtog ng violin, piano at flute, tiisin na lang muna nila. Hintayin nilang sila naman ang mag-monthsary nang sila naman ang tugtugan.

Nang makilala ni Mere iyong unang kanta, napabaling siya d'un sa maliit na stage area. Pinisil ko ang kamay niya at napatingin siya sa akin.

“Ni-request ko na tugtugin nila’yung mga kanta natin... kasi, ano, baka may magustuhan ka nang wedding song natin.”

Sandaling namilog ang mga mata ni Mere. At nang magtakip siya ng mukha, hindi ko alam kung tumatawa siya o umiiyak. Inakbayan ko na siya at humilig siya sa balikat ko bago ibinaba ang kamay at iniyakap ang braso sa baywang ko.

“Hindi na, baby girl. Sige, na patatigilin ko na sila.”

Natawa na siya ngayon at siniko ako bago siya marahang nagpunas ng mga mata.

Halos hindi namin nakain ni Mere ang dessert namin sa

pakikinig ng music. Nakahilig lang siya sa akin, nakayakap ang isang braso sa baywang ko at nakaakbay ako sa kanya habang pinapakinggan namin iyong instrumental version ng *Dare You to Move*. Pagkatapos ay natawa siya nang tugtugin din nila ang *Cry* ni Mandy Moore na binalahura niya noong mag-*Red Box* kami. Nagsumiksik siya sa akin sa *Thinking Out Loud* at *God Gave Me You*, at nagpunas na naman ng luha.

Pero nang tinugtog nila ang *Never Gonna Be Alone* ng *Nickelback*, doon na tuluyang umiyak si Meredith. Hinaplos ko na lang ang likod niya.

Mayamaya, umayos na siya ng upo at tinuyo ang mga pisngi niya. “Kailangang isa ’to sa mga kanta sa kasal natin. Either first dance natin o ’yung bridal march ko kahit unconventional kasi rock song siya. I’ve always considered it to be our song.”

“Talaga? Bakit?” tanong ko, naninikip ang dibdib sa emosyon.

She lifted her face, looked straight into my eyes and said, “Kasi ito ’yung kanta n’ung unang beses kong inamin sa sarili ko na mahal na kita.”



Nang matapos tumugtog ang tatlong itlog na nagpaiyak kay Mere, inaya niya akong lumapit sa kanila sa stage. Nag-thank you kami sa kanilang tatlo, at kinuha namin ang mga pangalan nila. Matapos ang sandaling usapan kung saan sigurado kong yumaman silang tatlo dahil pareho kami ni Mere na nag-abot ng tip sa kanila sa sobrang tuwa namin sa

performance nila, nagpaalam na kaming dalawa.

Magkahawak kami ng kamay at nakahawak pa siya sa bisig ko habang naglalakad kami pabalik sa kuwarto namin.

“Alam mo, parang gusto ko silang kunin para tumugtog sa reception sa kasal natin,” sabi ni Mere habang paakyat kami ng grand staircase. Nilingon niya ako. “Sila ’yung tutugtog habang kumakain ng dinner, ’tapos sina Marlon kapag after dinner party na.”

“So hapon ang kasal natin?” Wala pa kasi kaming napapag-usapan tungkol doon.

“Gusto mo bang umaga?”

Saglit akong nag-isip. “Hindi, okay lang na hapon. Derecho na ng hapunan, ’tapos party, ’tapos alam mo na.” Kumindat-kindat ako.

Bumungisngis siya. “Pustahan tayo, tulog tayo pareho pagkatapos ng kasal-reception-party natin. Hindi ka na makaka-’alam mo na.”

Umismid ako. “Nalimutan mo na ba ’yung first night natin? Ikaw lang ang walang malay n’un, ’no.”

Umikot ang mga eyeballs niya. “Kaya pala di ko namalayang buong gabi mo akong hinahalay.”

“Di ka naman nagreklamo n’un.”

“Di nga. Masarap, eh.”

Napalakas ang tawa ko bago ako umingit nang may ma-realize. “Kawawa na naman ako ngayon. Kung bakit ba kasi ang tagal naman ng period mo. Hindi ka pa ba nauubusan ng dugo niyan? Baka anemic ka na.”

Bumungisngis lang siya ulit at hinila ako papunta sa suite namin. Isinilid ko iyong key card sa card slot ng pinto, pagkatapos ay itinulak iyon pabukas habang nakatingin kay Mere. Mabagal na nanlaki ang mga mata niya at nalaglag ang panga niya nang makita ang kuwarto namin.

Humakbang siya papasok sa isang scene na tila kinuha sa isang romance novel. Puno ng vases at baskets ng red roses ang kuwarto at may mga scented candles na may sindi, nasa loob naman ng maliliit na candle holders. Sa tabi ng kama ay may isang bote ng champagne sa isang ice bucket, dalawang champagne flutes at isang plato ng chocolate-covered strawberries.

Sa totoo lang, hindi ko alam kung ganito ang idea ni Mere ng romance. Paano kasi di ba natuwa na siya sa isang supot ng walang pangalang tealights, sa banta kong pagkakalat ng bulaklak ng bougainvillea sa kama at ng pagpapakain ko sa kanya ng cream-dipped lanzones?

Sumunod ako sa kanya at isinara ang pinto sa likuran ko. I watched her as she stood in the middle of the flower-filled room, in her long black dress and sexy sandals, her hair in an elegant knot and her face carefully made up. Maliban sa mga hikaw, engagement ring lang niya ang suot niyang alahas. She looks like a dream, *my* dream.

My dream come true.

'Ayan. Sa sobrang pagkamangha ko, napa-English ako.

Hinarap niya ako. "My God, Ash," she breathed. "You did this for me."



It wasn't a question. Tumango ako. "Sabi ko nga, 'yung kanina, that was the first date you deserve. And this, this is the first time you deserve. Hindi bougainvillea at lanzones."

"Balut nga, di ba, baby boy?" giit niya. "Okay na ako kahit balut lang."

Nagkibit-balikat ako at isinilid ang mga kamay sa bulsa ko, nakangiti. "Kaya ko naman nang mas sosyal nang kaunti sa balut."

Muli niyang iginalang mga mata niya sa silid. "You did this for me." Muling bumalik sa akin ang tingin niya. "And you didn't even do this for sex tonight kasi alam mong meron pa ako."

Nagkibit-balikat ako ulit. "P'wede namang jlow bob lang ulit."

Bumunghalit siya ng tawa at ngumiti na ako. Lumapit ako sa kanya at kinuha ang kamay niya para igiya siya sa kama na sinabuyan din ng rose petals. Medyo malaki rin ang tip ng concierge bukas nito.

Pinaupo ko si Mere sa kama at lumuhod ako sa harapan niya. Kinuha ko sa bulsa ko ang isang singsing. Iyon ang dinaanan ko sa Ortigas kanina.

Gawa siya sa manipis na platinum band kung saan naka-embed ang mga brilyante palibot sa singsing. Ngayon naiilawan ng mga kandila, parang ang init ng singsing sa kamay ko. Nang tingnan ko si Mere, kagat niya ang pang-ibabang labi habang nakatitig lang sa akin.

"I already said yes, baby boy," paalala niya, may maliit

nang ngiti sa mga labi.

Ngumiti ako at tumungo sa singsing na hawak ko. “This is a promise ring. Sabi n’ung nasa jewelry store, ito raw usually ’yung unang singsing na ibinibigay ng boyfriend sa girlfriend niya. Eh, tayo naman, ilang linggo lang tayong naging mag-boyfriend, napilit mo na akong magpakasal.”

“Wow. Sorry, ah,” natawang sabi niya.

“Hindi ako makatanggi, eh. Baka saktan mo ako. Kaya ’ayan, nauna na ’yung engagement ring sa promise ring. Saka wala namang tamang oras para magbigay ng pangako. Isa pa, n’ung una pa lang kitang nakita, naipangako ko na sa sarili kong magiging akin ka.”

Malakas siyang tumawa bago sinapo ang mga pisngi ko at hinalikan ako sa mga labi. “Thank you sa pagtupad mo sa pangakong ’yun.”

Tiningnan ko siya nang derecho sa mga mata. “Kasama sa pangakong ’yun na magiging sa ’yo rin ako, Mere,” tahimik kong saad. “Bago ka dumating sa buhay ko, hindi ko naisip na magiging pag-aari ako ng ibang tao. ’Yung konsepto ng *I’m yours, you’re mine?* Wala ako n’un dati sa mga ex ko. Sa ’yo lang. Kasi na-realize kong hindi naman talaga ako sa kanila. Kasi kahit hindi pa kita kilala, sa ’yo na ako. Natagalan lang akong hanapin ka.”

Kinuha ko ang kamay niya at isinuot ang singsing sa daliri niya. Inayos ko iyon para sumilid at sumakto iyong bato ng engagement ring niya doon sa bahagi ng promise ring na mas manipis iyong band. Sinadya ang design na

iyon dahil katerno talaga ng engagement ring ni Mere ang promise ring. The rings were meant to be worn along with a third one, iyong wedding ring.

“So this is a promise that I will always be yours. Whatever happens from this point on, I will always be yours for the rest of my life.”

May nabakas akong pag-aalala sa mga mata niya habang pinagmamasdan niya ako. “Don’t make that promise lightly, Ash. Kasi I will hold you to it. I’m going to expect that you keep it kahit ano’ng mangyari.”

Tumango ako. “Sa nararamdaman ko ngayon para sa ’yo, ’yung pagmamahal na hindi ko pa naramdaman para sa iba, I can promise you anything and everything and know that I can keep those promises.”

Pumikit si Mere at pinagdikit ang mga noo namin. “Hindi ko alam kung ano’ng sasabihin ko sa ’yo,” bulong niya. “Hindi ko alam kung paano ko sasabihin ’yung mga nararamdaman ko. Basta parang punung-puno ang puso ko. Mula nang makilala kita, gan’un na ang feeling ko. Basta punung-puno ang puso ko.”

Naupo ako sa tabi niya sa kama at humilig siya sa akin. Matagal kaming ganoon, masaya nang magkatabi lang.

Mayamaya, tumuwid siya. “Sandali. May gift din ako sa ’yo.” Tumayo siya para kunin ang bag niya sa vanity. Binuksan niya iyon at may kinuhang isang pirasong papel.

*Ano kaya ’yun?*

Pero dahil mababaw rin pala ako pagdating kay Meredith,

kung love letter ang regalo niya sa akin ngayon, ipapa-frame ko pa iyon at isasabit sa kuwarto namin para araw-araw ko iyong nakikita.

Naupo siya sa tabi ko at iniabot sa akin ang papel.

“Ano ’to? Titulo ng bahay at lupa?” biro ko bago ko na-realize kung ano ang tinitingnan ko. Print out iyon ng tickets mula sa isang airline company para sa isang trip papuntang Hong Kong.

Napalingon ako sa kanya, excited, namimilog ang mga mata. “Hong Kong trip? Hong Kong trip ang regalo mo sa ’kin?”

“It’s not as beautiful as the ring you gave me,” parang nahihiya pa niyang sabi sabay taas ng kamay na may suot ng singsing, “pero kasi makukuha mo na ’yung passport mo. ’Tsaka gusto kitang makasama sa ibang bansa. Naisip kong Europe sana, kaya lang weekend lang tayo kaya d’un na lang sa malapit. ’Tsaka hindi ko sure kung may visa ka, plus—”

I shut her up again by kissing her then hugging her tight. Tuwang-tuwa talaga ako sa regalo niya! “Kahit sa Cavite mo lang ako ayain, masaya na ako. Mahilig ako sa gala lalo na kapag ikaw ang kasama.” Pinakawalan ko siya. “Thank you, baby girl. Thank you for this,” madamdamin kong sabi bago ako humirit. “Ang sarap talaga ng may mayamang sugar mommy!”

Malakas siyang tumawa at itinulak ako palayo.

“Pero alam mo, may problema ako,” sabi ko habang binabasa ulit iyong printout na hawak ko.

“Ano ’yun?”

Nilingon ko siya. “Paano pa natin i-le-level up ’tong regalo natin sa second monthsary natin? Ano na’ng ireregalo natin sa isa’t-isa n’un? Kotse na o kaya bahay at lupa?”

“Balut,” mabilis niyang sagot.

Nagsalubong ang mga kilay ko. “Pansin ko lang, kanina ka pa balut nang balut. Ano’ng meron sa balut?”

“Baka kasi kailanganin mo ng balut kapag ibinigay ko na sa ’yo ang part two ng regalo ko, eh.”

Nanigas ako. Saka tumigas na rin. Lalo na nang mabagal na ngumiti si Meredith sa akin.

“Kahapon pa tapos ’yung period ko. Sabi ko lang hindi pa para ngayon na lang tayo... uhm... Ash?”

Nakatingin lang ako sa kanya at nakitang mabagal na nanlaki ang mga mata niya sa kaba. Siguro kasi madilim ang ekspresyon ko at mukha na akong mangangain ng tao. Aba’y mangangain talaga ako ng tao ngayon...

She squeaked and started to move away.

And *that* was when I dove for her.

## 22

abay kaming bumagsak ni Mere sa kama. Siya sa ilalim, ako sa ibabaw, at magkahinang ang mga labi. I pressed her to the bed, my hips forcing their way between her thighs. Nabuwisit pa ako kasi hindi ko mapaghiwalay ang mga tuhod niya, iyon pala nadaganan ko ang palda ng damit niya.

She was gasping when I pulled my mouth away from hers, then I growled and pushed at her skirt so the slit exposed the long smooth lines of her legs. Di na ako nagpanggap na magpaka-gentleman. Dumerecho na sa ilalim ng panties niya ang mga daliri ko.

Her fingers grasped my shoulders, her back arching as her legs fell apart to let me touch and stroke and circle and press against hot, wet flesh. Itinabi ko iyong tela ng damit niyang nakatabing sa dibdib niya para ang bibig ko ang pumalit doon.

Sinabunutan ako ni Mere pero hindi masakit. Napaigtad siya nang kagatin ko siya.

“Ash, bilisan mo!” reklamo niya na hinihila iyong harapan ng polo ko na parang sinusubukang punitin iyon.

Natawa ako. Ako pa ngayon ang mabagal?

Lumuhod ako sa pagitan ng mga tuhod niya at sinimulang

alisin ang pagkakabutones ng polo ko pero sinundan niya ako. Naupo siya at siya na ang nag-alis ng pagkaka-buckle ng belt ko at ng pagkakabutones ng pantalon ko. Itinulak ko ulit siya pahiga nang hawakan niya si *Boy Tokwa*, ay sos! Saka ko siya pinaghahalikan mula ulo hanggang paa. Eh, nainip siguro lalo kaya ipinulupot niya ang hita niya sa batok ko.

“Na-miss ko ’to,” sabi ko habang nakabaon ang mukha sa puson niya. “I miss you, baby girl.”

Bumunghalit siya ng tawa sa gitna ng paghingal. “Walangya ka! Yung totoo! Ako ba ang baby girl mo o ’yang ano ko?”

“Pareho. Pareho ko kayong baby girl.”

At para patunayan iyon, hinila ko sa isang tabi iyong pundya ng panties niya at hinalikan din iyong isa ko pang baby girl.

She moaned and lay flat on her back. Then she cried out when I used my tongue on her.

I wanted to feel her come. I really did, pero naunahan na ako ng sarili kong pagnanasa. Inangat ko na ulit kaagad ang sarili ko at lumuhod ulit ako sa pagitan ng mga tuhod niya. I slid my hands beneath her butt to lift her and pull her close to me. Parang na-magnet si *Taho Boy*. Konting tutok lang, nandoon na siya. Mere wrapped her legs around my waist the same time I thrust into her.

At gaya noong unang beses: *langit*. Iba iyong sarap. Parang huminto ang puso ko at nagkuyom lahat ng muscles ko sa katawan na halos sumigaw ako para sabihing *huwag!*

*Huwag ka munang mag-come, lintek ka! Paunahin mo muna si Mere!*

But Meredith, she just... came. She came. She cried out, her body trembling uncontrollably as she tightened around me in frantic beats that gripped me hanggang sa muntik na rin akong mag-come nang walang kalaban-laban. Buti na lang at malakas ako!

Harsh puffs of air hissed from between my teeth as I held still pero ang tindi na rin ng panginginginig ng katawan ko.

At siguro malaking pagkakamali na pinanood ko siya kasi lalo lang akong nanggigil.

I moaned, then pulled her legs from around my waist and spread them so they were resting over my thighs. Pagkatapos niyon, nagsimula na akong kumilos. I pulled my hips back before thrusting against her, into her, over and over, faster, harder hanggang sa wala na akong kontrol sa katawan ko.

There was a word for what I did to Meredith. It wasn't something I thought I'd ever use with her. Siya kasi iyong tipo ng babaeng ginagamitan ng mga sweet na salita. Siya iyong tipo ng babaeng you make love to.

This... this wasn't actually making love. Ni hindi ko alam kung nasasaktan ko na ba siya. Pero ang alam ko, ang makakapagpahinto lang sa akin ngayon ay kung sasabihin niyang nasasaktan nga siya at kailangan ko munang huminto.

I watched her as we moved together, with her eyes lost in pleasure, her hair loose from the knot at the back of her neck, her face flushed and her skin soaked with sweat. She



was and would always be the most beautiful woman in the world to me.

“Ash, I love you,” she sobbed. “I love you.”

Hinila ko siya paupo at niyakap siya nang mahigpit. Ibinalot niya ang mga braso sa mga balikat ko at ibinaon ang mukha sa gilid ng leeg ko. I adjusted her on my lap.

“I love you,” sagot ko. “I love you, too.”

Wala naman akong balak. Gusto ko lang siyang yakapin hanggang sa makabawi na sana siya. Pero siya na mismo ang kumilos na para bang hindi niya mapigilan ang katawan niya. Her body undulated over me, riding me, bathing me in sweet heat and incredible pleasure, hanggang sa hindi ko na rin kinaya.

Inihiga ko siya ulit. I moved over her, in her, until she was clawing at my back and shoulders once more, until she was gasping my name again, until I felt her body stiffen, tighten, until she screamed with the intensity of her climax.

Iyon. Doon ko na isiniksik ang mukha ko sa gilid ng leeg niya bago ako naman ang umungol at nangatal. Nalimutan ko halos ang lahat nang mag-come ako, ang lahat-lahat maliban kay Meredith.



Matagal kaming nakahiga nang ganoon. Una yatang naka-recover si Mere kasi nararamdaman kong hinahaplos na niya ang buhok ko samantalang di pa ako makapag-isip nang matino.

Ikiniskis ko lang ang ilong ko sa leeg niya.

“Baby boy, hubad ka,” sabi niya.

Umungol ako. Iyon lang ang kaya kong gawin, eh. Ang umungol. Naramdaman kong pilit niyang isinisiksik sa pagitan namin ang mga kamay niya, para siguro maalis iyong pagkakabutones ng polo ko.

Kinagat ko siya sa kurba ng leeg niya at balikat.

Sabay kaming napaungol. Siya dahil sa ginawa ko at ako dahil sa reaksiyon ng katawan niya sa ginawa ko.

“Ash,” she moaned, pagkatapos ay nadama kong natigilan siya at tumunghay para siguro tingnan ako. Paano, katatapos lang namin, matigas na ako ulit. “Ash?”

Mahigpit ko siyang niyakap bago ako nagsimulang mabagal na gumalaw ulit sa ibabaw niya. “Isa pa,” sabi ko na mabilis na naman ang paghinga. “Isa pa, baby girl, ’tapos huhubad na ’ko.”

Makaraan ang dalawang beses na “isa pa” pagkasabi kong “Maghuhubad na talaga ako pagkatapos, promise,” ang humihingal na sagot lang sa akin ni Mere ay, “Ewan ko sa ’yo, Montesines.”



Dumating din naman sa punto na nahubad ko rin lahat ng suot namin. Pasado ala una na ng umaga, nakasandal ako sa headboard at nakadagan sa akin si Mere, nakaunan sa dibdib ko, mahimbing nang natutulog. Doon na siya inabot ng antok pagkatapos ng huli naming round.

Komportable naman siya saka ayaw ko siyang bitiwang kaya hinayaan ko na lang siya sa puwesto niya. Gising na

gising pa rin ako kaya yakap ko lang siya habang nagmumuni-muni ako.

Tahimik naman na si *Tabo Boy*. Nakuntento rin sa wakas ang lintek. O kaya siguro tahimik siya ay dahil tatay ko ang iniisip ko ngayon.

Kailangan ko kasi siyang imbitahan sa Sabado, di ba? Iyong tatay ko, hindi si *Tabo Boy*. Lagi ko naman siyang dala.

Bumubuo na ako ng iba't ibang scenario sa isip ko kung paano ko gagawin iyon. Tatawagan ko ba siya? Email? Ipapasabi ko kay Kuya Lex? Pero naisip ko kasing mas tama kung pupuntahan ko siya sa bahay at personal na aayain.

Hmm... puwede ko ring sabihin kay Daddy Eman na siya na ang mag-imbita. Malamang mas mabilis pa sa rumaragasang bus sa *EDSA* ang pagpayag ng tatay ko pag ganoon. Kahit pa siguro ayain siya ni Daddy Eman na mag-ballet lessons, papayag iyon, basta tatay ni Mere ang mag-aaya.

Medyo natawa lang ako nang maisip kong naka-tutu ang tatay ko. Ang sagwa!

Naramdaman kong kumilos si Mere. Nagising ko yata. Humigpit ang yakap ko sa kanya at tumungo ako. Huminga siya nang malalim, nag-inat pagkatapos ay tumunghay para tingnan ako. Walang ilaw sa kuwarto. Nakikita ko lang ang mukha niya kasi nasisinagan iyon ng buwan. Ngumiti siya, yumakap ulit sa akin at umayos ng dapa sa ibabaw ko bago ipinatong ulit ang pisngi sa dibdib ko.

“Ba’t gising ka pa? Di ka pa ba inaantok?” she mumbled.

Pag ganitong nararamdaman kong nagigising din si *Tabo Boy*?

Hinalikan ko siya sa tuktok ng ulo. “Hindi pa.”

“Uh-hmm.” Naramdaman kong naghikab siya. “Anong oras na?”

“1:15.”

“Okay.”

“Baby girl?”

“Hmm?” Nang hindi ako nagsalita ulit, muli niya akong tiningnan. “What is it, baby boy?”

Saglit akong nagdalawang-isip kasi ayokong problemahin niya ako. Pero naisip ko rin na sinabi namin ni Mere na wala na kaming itatago sa isa’t isa. Problema ng isa, problema naming dalawa.

“Sa tingin mo mas maganda kung ayain ko nang personal si Dad na sumama sa amin ng daddy mo sa Sabado? Para kasing hindi maganda kung sa telepono ko siya kakausapin.”

Iyon ay kung sasagutin niya ang tawag ko. Baka isipin niyang manghihingi ako ng pera, i-block pa ang number ko.

“Parang mas okay nga kung ganoon,” sabi niya, muling inilapat ang pisngi sa dibdib ko. “Mas personal kasi.”

“Kinakabahan yata ako.”

“Kasi tatanggi siya?”

“Hindi. Banggitin ko lang ang pangalan ng daddy mo, baka ngayon pa lang nakaparada na ’yun sa golf course. Kinakabahan ako kasi ngayon lang kami magkakaharap na alam ko kung bakit siya galit sa ’kin.”

Nag-angat ulit ng tingin si Mere sa akin. “Kailan mo siya aayain? Sasamahan kita.”

Hindi ko alam na iyon pala ang gusto kong mangyari. Lumabi ako, nagpapaawa. Tumawa si Mere at saglit akong hinalikan.

“Sige. Gusto mo mamaya na pagkagaling natin ng opisina? I-time na lang natin na tapos na silang mag-dinner. Magdala na lang tayo ng dessert.”

Napangiwi ako kasi ibig sabihin makikita ko rin ang ate ko. Nai-stress ako ngayon pa lang.

“Tsaka gusto ko ring makita si Ina,” dagdag ni Mere.

Noon ako bumuntong-hininga. Kasi nga alam kong kaya kong pakiharapan at tiisin si Ate Kaye kung ang ibig sabihin niyon ay makikita ko rin ang mga pamangkin ko.

“Okay.”

“Gusto mo bang ako ang tumawag sa dad mo?”

“Hindi na. Ako na. Sasabihin ko lang sa kanya na pupunta tayo. Hindi naman tatangi ’yun kung kasama ka. Saka para pormal na rin nating masabi sa kanya na engaged na tayo.”

Malamang alam na ni Dad ang tungkol doon. Hindi iyon nagpapahuli sa balita sa business world. Kung ibang tao ang tatay ko, iisipin kong baka sumama ang loob niya na sa ibang tao pa niya nalaman na ikakasal na ako. Pero dahil alam kong wala naman siyang pakialam sa akin, ang sigurado kong ikasasama ng loob niya ay iyong hindi ko pagsasabi na isang Balajadia ang pakakasalan ko.

Nag-iisip ako kung paano ko popormahan ang tatay ko

nang maramdaman kong bumababa ang kamay ni Mere. Napatingin ako sa kanya at nakitang nakatingala siya sa akin, kagat ang pang-ibabang labi habang sinusundan ng dulo ng daliri niya ang linya ng abs ko.

“Hindi ka pa ba matutulog ulit?” tanong ko na parang may nakabarang bato sa lalamunan.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi na ako inaantok, eh.”

“Ano’ng...” Tumikhim ako. “Ano’ng gusto mong gawin?”

Nagkibit-balikat siya ulit. Bumaba ang tingin niya roon sa bahagi ng katawang kong hinahagod na niya ng kamay bago niya ako ulit tiningnan. Isa-isa nang nanigas ang mga muscles ko sa katawan.

“Kaya pa ba ng tuhod mo?” inosente niyang tanong.

Tumikhim ako ulit. Bakit ba nanunuyo ang lalamunan ko? “Nag-vitamins ako.”

Humagikgik siya bago ako hinalikan ulit. Pagkatapos, naupo siya sa kandungan ko. My hands went to her hips, stroking up until I was cupping her breasts. She reached for me and guided me to her body.

“Okay ka lang, baby girl?” tanong ko, nagngangalit ang ngipin. Buong gabi na kaming ganito. Malamang nakakaramdam na siya ng kirot sa kung saang-saang bahagi ng katawan niya.

Hindi siya sumagot. Instead, she slid down, her body closing over and around me. She let out a long moan, gasped when she adjusted her hips, and then her body was trembling again. I was barely inside her and she was already coming.

All right then. Mukhang okay nga lang siya. Ako naman, eh, hindi magrereklamo. Ilang araw akong diet, ba. Para mo akong pinapunta sa piyesta nito.

Niyakap ko ang nangangatal niyang katawan at hinintay na matapos siya bago ako nagsimulang kumilos ulit.



Nakatayo ako sa balkonahe ng kuwarto namin nang alas diez ng umaga habang nasa shower si Mere. Pareho kaming nangangalumata sa puyat pero masaya naman. Worth it. Nakapag-almusal na kami at uuwi na pagkaligo ni baby girl. Naisip kong okay na ring tawagan muna ang tatay ko. Malamang kumakain na rin iyon.

Hawak ko ang telepono ko at nakatingin sa number ng tatay ko sa screen. Ewan kung bakit kinakabahan ako bigla. Ngayon pang di naman ikakainit ng ulo niya ang itatawag ko. Hindi ako lasing, wala sa presinto, at hindi rin magpapasundo dahil nabangga ako... Ewan ko ba kung bakit noon, eh, tumatawag lang ako sa kanya na parang walang anuman. Ngayong wala akong kasalanan, saka pa ako nininerbyos.

Praktisado ko na ang sasabihin ko.

*Dad, pupunta kami ni Meredith mamaya d'yan. Babay!*

Sabay baba ng telepono.

*De*, joke lang. Pero sasabihin ko lang talaga sa kanya na pupunta kami ni Mere. Iyon lang. Mabilis lang. Kung may gusto pa siyang sabihin sa akin, mamaya na lang, pag nandoon na kami.

Habang nakatingin sa telepono ko, naniwala akong may

forever talaga. Dahil forever na akong nakatitig sa numero ng tatay ko. Bumuga ako ng hangin at pinindot ang call button. Bahala na si Ben Affleck.

Nag-ring ang telepono nang hindi ko alam kung gaano katagal. Hindi niya sinasagot ang tawag. Nag-disconnect ang call kaya nag-dial ako ulit. Kapag di pa niya sinagot, iisipin kong nahimatay siya sa tuwa dahil tumawag ang pinakaguwapo niyang anak kaya di na niya nakuha pang sagutin ang telepono.

Pero bago pa muling ma-disconnect iyong call, narinig ko na ang boses niya.

“Hello.”

Galit ba siya? Di ko alam kasi natural na tono na niya sa akin iyong supladong naiinis.

“Dad,” sabi ko na parang binatilyong di pa tuli ang boses. Ganoon kasi lagi ang pakiramdam ko sa tatay ko. Para akong batang pagagalitan kahit pa matanda na ako. “Dad,” ulit ko matapos tumikhim. “Nasa bahay ba kayo mamaya?”

“Kung pupunta ka para sabihing ikakasal ka na, huwag na. Alam ko na.”

Napatiim-bagang ako at inisip ang sinabi ng nanay ko. Galit siya sa akin kasi iniisip niyang bunga ako ng kataksilan ni Mommy. Mali, oo, pero pinairal ko na lang iyong awa sa kanya na pinagtaksilan siya ng nanay ko. Wala rin namang mangyayari kahit pairalin ko iyong galit na parang iyong nararamdaman ng inapi at inalilang bida sa teleserye.

“Opo, isa po ’yun. Pero gusto rin kayong makausap ni



Meredith tungkol d'un." *Kahit hindi. Sorry, baby girl. Ginamit pa kitang excuse. Hayaan mo na. Ganti ka na lang. Gamitin mo na lang ulit katawan ko mamayang gabi.* "Kasama ko siya pagpunta ko d'yan."

Hindi agad sumagot ang tatay ko. Pero gaya ng inaasahan...

"Dito na kayo maghapunan."

"Sige po. Salamat."

Hindi siya nagpaalam. Ibinaba na niya ang telepono.

*Love you too, Dad.*

Ibinaba ko na rin ang telepono ko bago tumingin sa malayo. Doo... doon sa *Taal Volcano* kung saan ko gustong ihulog ang tatay ko. Pero huminga ako nang malalim at mabagal na bumilang hanggang sampu para kumalma ako.

Di ko namalayang namumuti na pala ang buko ng mga daliri ko sa higpit ng hawak ko sa telepono ko at sa gilid ng railing ng balkonahe. Saka ko lang na-realize iyon nang lumapit si Mere at ipinatong ang kamay niya sa kamay ko. Niyakap niya ako mula sa likuran at idinikit ang pisngi niya sa balikat ko.

Nakatiim-bagang, pumikit ako at malalim na huminga hanggang sa unti-unting nawala ang tensyon sa katawan ko. Bumuga ako ng hangin at humarap sa kanya para yakapin siya.

"Are you all right?" tanong niya habang hinahagod ang likod ko.

Tumango lang ako at hinigpitan ang yakap ko sa kanya.

She was here with me so, yeah, I was all right.

Basta kasama siya, *I will always be all right.*

## 23

Naang makabalik sa opisina, nag-check ako ng email ko habang nasa gitna ng meeting. May email na si Atty. Peralta tungkol sa prenup namin ni Mere. Nag-sorry siya na natagalan pero ipinadala na niya ang draft at kami na raw ni Mere ang bahala kung may gusto kaming baguhin. I-note lang daw namin saka ibalik sa kanya.

Ninerbiyos na naman ako kasi naisip ko na naman iyong fistbump ni baby girl sa sikmura ko noong binanggit ko ang prenup. Well, at least alam na niya ang mga kondisyon ko. Mag-negotiate na lang kami kung may gusto siyang alisin o idagdag.

Hiningan ako ng opinion ng ka-meeting ko at sinagot ko naman siya—Akala mo di ako nakikinig, ah!—bago ko ulit m-in-ute ang telepono ko. Pagkatapos ay lumabas ang IM window mula kay Mere.

**Mbalajadia** (Sent at 2:10PM): Baby boy, nakita mo na 'yung email ng PR?

*Amontesines is typing...*

**Amontesines** (Sent at 2:10PM): Hindi pa. Teka.

Binuksan ko ulit ang email program ng opisina at nakita ang bagong email mula sa PR. Mabilis ko iyong binasa.

Humihirit daw ng photoshoot iyong TV network na binigyan ng permisong mag-interview sa amin ni Mere. Nagpa-publish din kasi ng magazines ang network na iyon at gustong maglabas ng feature tungkol sa amin.

Wow. Artista lang?

Binasa ko rin iyong email na ipinadala sa kanila ng network. Sabi nila “huge and positive influence” daw kami ni Miss Balajadia sa mga millennials at young entrepreneurs.

Kumunot ang noo ko. Sigurado ba silang ako ang tinutukoy nilang “huge and positive influence?” Di kaya akala nila si Kuya Lex ang boyfriend ni Mere?

**Amontesines** (Sent at 2:13PM): Huge and positive influence daw ako.

*Mbalajadia is typing...*

**Mbalajadia** (Sent at 2:13PM): Tootoo naman 'yun!

**Mbalajadia** (Sent at 2:13PM): In your own words, bad boy na basagulero to responsible future COO and husband? Nakaka-inspire ka kaya!

Napangisi ako.

**Amontesines** (Sent at 2:13PM): HAHA sige na nga! Opo na. Positive influence na.

**Mbalajadia** (Sent at 2:14PM): Fishing for compliments ka lang eh.

**Amontesines** (Sent at 2:14PM): It worked, didn't it? :D

**Mbalajadia** (Sent at 2:14PM): Lika rito nang ma-kiss kita.

**Amontesines** (Sent at 2:15PM): Game!

**Mbalajadia** (Sent at 2:15PM): Haha mamaya. What do you think? Papayag ba tayo?

**Amontesines** (Sent at 2:16PM): Ikaw. Ikaw ang dahilan kung bakit ako naging "positive influence" eh. Ikaw ang mag-decide.

**Mbalajadia** (Sent at 2:16PM): Komportable ka bang nagpapa-picture?

**Amontesines** (Sent at 2:16PM): Hindi masyado.

**Mbalajadia** (Sent at 2:17PM): Ako rin eh. Pero kailangan din nating magpa-picture para sa prenup pics natin. Isipin na lang nating practice 'to?

**Amontesines** (Sent at 2:18PM): Okay. Ikaw ang bahala. Basta ba hindi tayo naka-underwear sa pictorial.

**Mbalajadia** (Sent at 2:18PM): Hahaha hindi, 'no! Kung may underwear pictures ka, ako lang ang makakakita n'un.

**Amontesines** (Sent at 2:19PM): Marami ka naman n'un sa phone mo. May pwet pictures pa nga ako eh.

**Mbalajadia** (Sent at 2:20PM): Sige ka. Kunan talaga kita ng pwet picture.

**Amontesines** (Sent at 2:20PM): Promise?

**Mbalajadia** (Sent at 2:21PM): NO! Hahaha

**Mbalajadia** (Sent at 2:21PM): Sasabihin ko na sa PR na i-okay ito. Sila na ang bahalang magpa-sched 'tapos makipag-coordinate na lang sila sa 'yo kung libre tayong dalawa. Okay lang?

**Amontesines** (Sent at 2:21PM): All right.

**Mbalajadia** (Sent at 2:22PM): Okay.

**Amontesines** (Sent at 2:22PM): Baby girl, nag-email pala si Atty. Peralta. Okay lang bang pag-usapan natin mamaya pagdating sa bahay'yung pre-nup natin?

*Mbalajadia is typing...*

Ilang beses kong nakita ang linya na 'yun bago mawawala bago muling makikita bago muling mawawala na para bang hindi alam ni Mere kung ano ang isasagot.

**Mbalajadia** (Sent at 2:24PM): Okay. Pagdating natin sa bahay. Pag-usapan na rin natin 'yung wedding? Kahit 'yung mga pinakaimportanteng details lang like 'yung wedding date 'tsaka simbahan?

Napangiti ako. Sa excitement na naramdaman ko habang iniisip na pipili na kami ng wedding date, aakalain mong ako iyong bride imbes na groom.

**Amontesines** (Sent at 2:24PM): Okay! Love you.

**Mbalajadia** (Sent at 2:25PM): Love you, too, baby boy.

Habang palapit nang palapit ang oras ng uwian, patindi nang patindi ang pagkabalisa ko. Iisipin mong may ulcer ako sa sakit ng tiyan ko pagdating ng alas siete.

Tahimik lang ako habang bumabiyaha kami ni Mere. Dumaan kami sa *High Street* para bumili ng dessert para sa tatay ko at sa mga bata. Nag-text ako kay Karina para itanong kung nandoon ang nanay niya. Wala raw at pupunta raw ba ako. Sabi ko oo, at kasama ko si Mere. Kulang na lang marinig ko iyong tili niya sa reply niya.

Okay, nakahinga ako nang maluwag. At least wala si Ate Kaye.

Siyempre naramdaman ni Mere ang mood ko. Inabot niya ang kamay ko na nasa manibela. Sinulyapan ko siya at binigyan ng maliit na ngiti bago ako uli tumingin sa kalsada. Pero ibinaba ko na ang kamay ko at nakakapit na ako sa mga daliri niya n'un.

Iniiisip ko kasi kung ano ang magiging reaksyon ko sa tatay ko. Baka kasi bigla akong maiyak sa awa ko sa kanya pag nakita ko siya kasi maiisip ko iyong nangyari sa kanila ni Mommy. Baka bigla ko siyang mayakap. Pero baka bigla ko rin siyang straight-in sa panga kapag naalala ko kung paano niya ako kinawawa.

Kahit alin sa dalawa ang gawin ko, tiyak mawawalan iyon ng malay.

Hindi na pala ako humihinga nang makarating kami sa *Bel-Air*. Ipinarada ko malapit sa gate ang kotse pero matagal ko nang napatay ang makina, hindi pa rin kami bumababa ni Mere ng sasakyan. Alam kong hinihintay lang niya ako habang nag-iipon ako ng lakas ng loob. Hindi ko mabura iyong facial expression ko na para bang kailangan ko ng *Dulcolax*.

Bumuga ako ng hangin at tumango bago ko nilingon si Mere.

“Let’s go?”

Tumango lang siya. Kinuha ko iyong kahon ng cake na nasa kandungan niya at ako na ang nagbaba n’un. Inabot niya ang kamay ko at humawak sa braso ko habang naglalakad kami papunta sa gate. Doon ako humugot ng lakas, sa hawak niya.

Ano ba naman kasi ’to? Magkikita lang kami ng tatay ko. Mas komportable pa akong makita ang tatay ni Mere kaysa sa sarili kong dugo’t laman, atay at balumbalunan?

*Relax, Ash.*

Si Celia ang nagbukas ng gate para sa amin pero nang marating namin ni Mere ang front door, sinalubong kami ng tumitiling teenager na lumundag pa para sabay kaming yakapin.

Nabawasan ang kaba ko at napangiti ako nang tumungo ako kay Karina na halatang masayang-masaya na makita kami ni Meredith. At least may isang taga-rito na masayang makita ako...



Tatlo pala silang masaya kasi tumatakbo rin pababa ng hagdan sina Kevin at Kent. Hinalikan ko sa pisngi si Karina bago ko siya binitiwang at iniwan kay Mere para salubungin iyong dalawang bulilit. Baka malaglag kasi si Kent. Tumatawa akong niyakap ni Kevin sa leeg habang sa baywang ko kumapit si Kent na sumisigaw ng, “Tito Ash! Tito Ash!” Iniabot ko sa yaya ni Kent iyong dala kong cake bago ko niyakap iyong dalawa.

“Laki mo na, ah!” sabi ko kay bunsoy na agad nagpakarga. “Mamaya pa mas matangkad ka na kay Tito Ash.”

“Dito ka na ulit?” tanong niya habang nakapulupot sa baywang ko ang mga binti at nakakapit sa mga balikat ko.

“Hindi, eh. May ibang bahay na si Tito Ash, di ba?” sabi ko. Ginulo ko ang buhok niya nang lumabi siya. “Okay lang ’yun. See? Dumadalaw naman si Tito Ash. Kumusta na kayo?” tanong ko nang akbayan ko si Kevin na bumalik sa tabi ko matapos mag-kiss kay Tita Mere niya.

Sabay-sabay na nagsalita ang mga pamangkin ko para sagutin ang tanong ko. Napangiti ako, natatawa sa gulo nila at sa obvious na excitement na naroon kami. Nilingon ko si Mere para sana tingnan kung may naiintindihan siya sa mga pinagsasasabi ng mga pamangkin ko pero unti-unting nawala ang ngiti ko kasi nakatingin lang siya sa akin na parang nakakita siya ng... hero.

Para siyang nakakita ng guwapo at macho na hero na nagligtas sa kanya sa gitna ng alien invasion—okay, sige, hindi masyado, pero para siyang nakakita ng isang bagay na

ikinatuwa niya. May *aww* face na naman siya, eh.

Inisip ko pa kung ano ang ginawa ko para tingnan niya ako nang ganoon bago ko na-realize na siguro ganoon ang expression niya kasi karga-karga ko si Kent. Marami nga palang babaeng nanghihina pag nakakakita ng lalaking may kargang bata.

I was definitely getting laid again tonight.

Pero habang lumalaki ang ngisi ko, lalong naniningkit ang mga mata ni Mere. Siguro kasi nababasa niya ang iniisip ko. Kumindat ako sa kanya at kumunot ang ilong niya sa akin bago siya natawa.

“Let’s eat na, Tito Ash!” tawag ni Karina pero kamay ni Mere ang hawak niya at ang baby girl ko ang kinakaladkad niya papunta sa dining room. Humakbang na ako para sumunod sa kanila para lang matigilan nang makita ko ang tatay ko sa hagdan.

Nang mga sandaling iyon, parang iyon ang unang beses na nakita ko siya. Matangkad siya. Sa kanya namin nakuha ni Kuya Lex ang height namin. Mas bata siyang tingnan kaysa sa edad niya. Tisoy rin ang tatay ko. May lola kasi siyang purong Amerikana. Magandang lalaki siya. Kamukhang-kamukha ko talaga siya, pero sige na, payag na akong mas magandang lalaki siya kaysa sa akin.

At anak ng putakte. Mabait yata talaga ako kasi hindi pala ako galit sa kanya sa ginawa niyang pagparusa sa akin dahil sa pagkakamali ng nanay ko. Mas naaawa pala talaga ako sa kanya. Akalain mo? Naaawa ako sa kanya pero hindi

na sa sarili ko? Ang mature na, di ba? Big boy na big boy na talaga ako.

“Dad.”

Tumango siya sa akin bago binalingan ang mga apo niya.

“O, bakit hindi pa kayo pumupunta sa dining? Maupo na kayo roon.”

Sumunod si Kevin pero humigpit ang kapit sa akin ni Kent kaya hindi ko na lang siya ibinigay sa yaya niya. Sabay kaming naglakad ni Dad papunta sa dining room.

Medyo awkward pero pinilit kong balewalain ang pakiramdam. Nakita ko rin naman na nagliwanag ang mukha niya nang magkatinginan sila ni Mere.

Okay lang sa akin kung hindi niya ako masyadong pagtuunan ng pansin basta tanggap niya si Meredith at maganda ang pakikitungo niya sa fiancée ko. Okay na kahit bastusin niya ako.

“Good evening, Mr. Montesines,” bati ni Mere na lumapit para ilahad ang kamay niya sa tatay ko. She was polite pero nakikita ko iyong reservation sa mga mata niya. Kung hindi ako galit sa tatay ko, si Mere yata ang medyo may galit.

“Please, masyadong formal naman ang Mr. Montesines. You can call me Tito Efren.”

Tumango si Mere. “I’d like that, Tito Efren.”

“Upo na kayo. Kakain na tayo.”

Noon ko na iniabot si Kent sa yaya niya bago ako lumapit kay Mere para siya naman ang tulungang maupo bago ako pumwesto sa tabi niya. Si Karina ang nag-lead ng dasal bago

kami nagsimulang kumain.

“May date na ba ang kasal ninyo?” tanong ng tatay ko nang iabot niya kay Karina ang lalagyan ng kanin.

Kinuha ni Mere ang kamay ko sa ilalim ng mesa.

“Wala pa po. Hindi pa po namin napapag-usapan masyado kasi gusto po ni Ash na unahin ’yung pamamanhikan,” sagot ng fiancée ko.

“Eh, kailan ba kami mamamanhikan?”

Napatingin ako kay Mere nang pisilin niya ang kamay ko at pinandilatan niya ako. Saka ko lang nakita na ako pala ang tinatanong ng tatay ko. “Ah, ’yun po ang itatanong ko sana sa inyo, Dad. Kailan ba kayo p’wede?”

“Kahit kailan naman,” sabi niya, nakatungo na sa pinggan niya. “Alam na ba ng mommy mo?”

Napansin kong may nag-iba sa boses niya nang banggitin si Mommy. Naisip ko tuloy kung after all these years and after everything they had been through, mahal pa rin kaya niya ang nanay ko?

“Opo.” Tiningnan ko lang siya kasi gusto kong makita ang reaksyon niya. “Sabihan lang daw siya kung kailan para makauwi siya.”

Noon nag-angat ng tingin ang tatay ko at para akong dinibdiban sa nakita ko sa mukha niya. Ganoon siguro ang expression ko noong nasa Singapore si Mere at sinabi niya sa aking malapit na kaming magkita.

*Holy shit.* Yeah, my father was still in love with my mother.

Tumikhim siya na para bang nahiya, tumango at muling tumungo sa pinggan niya.

*Aww. Wawa naman.*

Ako lang ba o parang nasapian ang tatay ko? Parang mabait siya ngayon. O dahil ba sa naiintindihan ko na siya kaya natitingnan ko na rin siya nang walang galit at sama ng loob? Dati kasi parang kahit good mood yata siya, nakikita ko pa ring masungit siya dahil lang may galit din ako sa kanya. Tingnan mo nga naman, iba rin talaga kapag nakukulayan ng emosyon mo ang isang bagay, ano?

“Sige po. Ako na’ng bahala,” sabi ko. “Basta baka isang Saturday po ’yun. Mga two or three weeks from now.”

Tumango lang ang tatay ko.

“Tsaka ano po pala, nag-iimbita po si Dad... si Dad ni Meredith na mag-golf sa Sabado. Kung libre daw po kayo ni Kuya Lex. Nakausap ko na si Kuya. Sasama daw siya.”

“Sige. Sasama ako,” sagot lang niya.

Iyon na yata ang unang beses na nakapag-usap kami nang matino ng tatay ko sa buong buhay ko.

Matapos iyon, ang mga bata na ang nagsalita. Habang nagde-dessert, inimitahan ni Mere si Karina na mag-sleepover sa amin sa weekend. Nanghinayang ang pamangkin ko kasi may school project daw siya at mag-o-overnight sa bahay ng kaklase. Pero basta raw huwag bawiin ni Mere ang imbitasyon niya kasi talagang matutulog daw si Karina sa amin isang weekend.

Siyempre, sumabat si Kevin na sasama raw at ganoon

din si Kent na nakaupo na sa kandungan ni Mere at nagpapasubo na ng cake sa Tita niya. Ang walangyang bata, napansin ko ring kanina pa kiss nang kiss kay Mere. Tsk, may pinagmanahan.

Mayamaya, nagpaalam na kami. Humalik si Mere sa pisngi ni Daddy. Di ko naman maatim gawin iyon dahil hindi naman kami close ng tatay ko kaya iyong mga pamangkin ko na lang ang hinalikan ko. Nag-iiyak na si Kent kasi ayaw niya kaming paalisin. Iniakyat na siya ng yaya niya, samantalang inihatid kami nina Ina at Kevin sa gate. Nangako si Mere na magse-set ng weekend para sa kanila bago niya ulit niyakap ang mga pamangkin ko. Pagkatapos, bumalik na kami sa kotse.

Habang paalis, nakasalubong pa namin sa kalsada ang kotse ni Ate Kaye. Asawa niya ang nagda-drive kasi bumusina at nag-flash ng ilaw sa akin para batiin ako. Kung si Ate iyon, baka binangga pa ako sabay singil sa akin ng nasira sa kotse niya.

Bumusina rin ako pero di na ako huminto para makipagkwentuhan sa kanila.

“That went well,” sabi ni Mere sa akin nang malampasan namin ang kotse nina Ate. “Yung dinner.”

Bumuga ako ng hangin. Parang noon lang ako nakahinga nang maluwag.

“Alam mo bang ’yun yata ang kauna-unahang beses na hindi kami naglabas ng pangil ng tatay ko sa isa’t isa habang nag-uusap kami?”

“Alam mo, parang hindi naman siya suplado talaga. Parang malungkot lang siya.” Sinulyapan ko si Mere. She shrugged. “Kasi pinapanood ko siya kanina. Inisip ko kung paano mo siya i-describe, kung paano ka niya tratuhin n’ung una ko siyang nakilala, at kung paano siya kanina. Parang malungkot lang siya,” ulit ni Mere.

Naniniwala ako sa kanya. Magaling kasing bumasa ng tao itong baby girl ko. Di ba nakita niya iyong mabait, hardworking at napaka-humble na nilalang sa likod ng kaguwapuhan ko? Kung malungkot ang basa niya sa tatay ko, baka iyon talaga ang nakikita niya.

“And I think he’s still in love with your mom.”

I let out a laughing sigh. “Yun din ang naisip ko. Mas lalo akong naawa sa kanya.”

“Wala na ba silang pag-asa?”

Inasahan ko rin iyong tanong niya na iyon kasi romantic din si Mere. She loves happy ever afters.

“Sila lang ang makakapagsabi n’un, baby girl. Sana magkabalikan pa sila,” sabi ko. Romantic din ako, eh. “Pero ang tagal na nilang hiwalay at ang dami nang nangyari sa pagitan nila. Baka kahit bumalik si Mommy, hindi gan’un kadali para kay Dad. Mataas ang pride n’un, eh.”

She reached for one of my hands on the steering wheel and I entwined my fingers with hers. Hinila niya iyon at inilagay sa kandungan niya.

“Kapag sa ’tin nangyari ’yun, hindi mo ba ako mapapatawad?”

Nag-isip ako pero para akong sinaksak sa dibdib nang pumasok sa isipan ko iyong imahe niyang nakikipaghalikan sa ibang lalaki—kay Craig pa!—habang kasal siya sa akin. Makapatay talaga ako ng tao.

“Pakiramdam ko mapapatawad kita, eventually. Gan’un kita kamahal, eh. Pero baka nasa kulungan na ako n’un kasi napatay ko na ’yung lalaki mo.”

“Kaya mo ’yun?”

Nilingon ko siya. “Nalimutan mo na ba ’yung nangyari kay Craig n’ung *akala* ko lang ay may dahilan para ‘mag-thank you, sweetheart’ siya sa ’yo?”

“Eww,” sabi niya bago matagal na tahimik. “Di bale, dadalawin na lang kita sa bilibid. Lagi kitang dadalhan ng roast beef and potatoes ko.”

Malakas akong natawa. “Salamat, ha.”

Napatingin ako sa kanya ulit nang maramdaman kong hinalikan niya ang mga daliri ko. She studied me in the semi-darkness inside my car, her eyes soft and sincere.

“Ikaw lang talaga, Ash,” she said quietly. “Ikaw pa lang at ikaw na lang talaga pagkatapos nito. For the rest of my life.”

Kinailangan ko talaga ihinto iyong kotse sa gitna ng kalsada para lumapit ako sa kanya at mariin siyang halikan.

She gasped, giggled in surprise, but then she wrapped her arms around me and welcomed the thrust of my tongue into her mouth.

Nang maghiwalay kami, pareho na kaming humihingal. I cupped her face in my hands and looked into her eyes.



Matagal ko nang alam, pero parang ipinaalala ulit sa akin ng universe na gusto ko na talagang tatakan si Mere para maging legal na siyang akin.

“January 3,” sabi ko sa kanya. “Special ang date na ’yun kasi pagitan ng mga birthdays natin. Let’s get married on January 3.”

Namilog ang mga mata ni Mere. “As in this January?”

I kissed her forehead, her nose then her lips. “Yeah, sa January.”

Hinawakan niya ang mga pupulsihan ko at pinagmasdan ako. “Ash, August na. Hindi natin kayang maghanda ng kasal sa loob lang ng limang buwan.”

“Kaya natin ’yun,” giit ko, nae-excite na. “Simbahan ’tsaka reception lang naman ang medyo mahihirapan tayo kung madalian. Kung walang simbahan, garden wedding. Kahit sa Laguna pa, sa resort para derecho na sa reception. Kung gusto mo rito at wala tayong makuhang venue, pagawa tayo kay Kuya Lex. Kayang gumawa ng *AMC* ng kahit na ano kahit saan, bigyan mo lang kami ng isang linggo ’tsaka ng maraming tsibog.”

Bumungisngis siyang muli pero nakikita kong napapaisip na rin siya at nahahawa na sa excitement ko. Bumuga siya ng hangin. “January 3,” she said with a helpless expression on her beautiful face. “Maloloka si Mommy kapag narinig niya ’yun.”

Then we grinned at each other happily and kissed each other again hanggang sa galit kaming binusinahan ng

kotseng di namin alam na nasa likod na pala namin.

Tumatawa kaming naghiwalay bago ko muling pinaandar ang kotse para makauwi na kami at madala ko na ulit sa kama si Mrs. Montesines.

Oo, Mrs. Montesines na siya. Matagal naman na kaming kasal sa puso ko. And in five months, kung hindi namin maayos kaagad iyong church wedding, ay sos, itatanan ko na talaga siya.



Nakarating na kami sa bahay parang hindi pa rin sigurado si Mere sa date ng kasal namin.

“Ano ba kasi’ng pinakamalaki mong concern?” tanong ko sa kanya.

“Yung simbahan. Kasi baka hindi na available ’yun sa araw na ’yun.”

“Saan mo ba gusto?”

Gusto ko siyang kagatin nang kagatin niya ’yung labi niya. Ang hot eh. “Sa *Santuario de San Antonio* sana.”

“Ah, akala ko sa *Manila Cathedral* mo gusto, eh.”

“Hindi naman. N’ung bata kasi ako, nag-flower girl ako sa kasal ng pinsan ni Mommy d’un sa *Santuario*. Ang ganda-ganda ng wedding nila na sabi ko gusto ko rin ng gan’un.” Kimi siyang ngumiti. “I was six and had no idea what getting married meant pero sabi ko kapag lumaki ako, d’un din ako ikakasal.”

Na-imagine ko ang isang bright-eyed little Meredith na nakasuot ng pang-flower girl, nakatingin sa altar habang

ikinakasal iyong tito o tita niya, nangangarap na pagdating ng panahon, siya na ang nakaupo sa harapan niyon, katabi ng groom niya.

Bigla akong nakaramdam ng matinding kagustuhan na tuparin ang pangarap na iyon ni Little Meredith.

Inakbayan ko siya. “Sige, ganito na lang. Tingnan natin kung may available schedule sa January 3rd next year. Kung wala...”

“Kung wala, sa January 3, 2017 na lang.” Nang hindi ako sumagot, nilingon niya ako at nakita iyong simangot ko. “O, bakit?”

“Gusto ko talaga kasi ’yung date kaya lang ang tagal naman ng January 3, 2017. Gusto na kitang pakasalan, eh.”

Niyakap niya ako sa baywang. “Ganito na lang. Check ko ’yung website nila. Kung available ang January 3, let’s get married on January 3. Kung hindi, we can have a civil wedding first para ma-fulfill ’yang kagustuhan mong makasal na tayo kaagad, then sa January 3, 2017 na lang ’yung church wedding natin.”

Good compromise pero hindi tuluyang naalis ang simangot ko.

“O, ayaw mo pa rin?” she teased.

“I’d really rather marry you in a church,” pag-amin ko.

Napangiti siya at sinapo niya ang pisngi ko. “Titingnan ko na ’yung site nila para alam na natin.” Pinakawalan na niya ako. “Hindi ka ba nagugutom?”

“Hmm?”

“Hindi ka masyadong kumain kanina. Gusto mo bang igawa kita ng sandwich?”

Umiling ako. “Ako na’ng gagawa. Tingnan mo na ’yung sched ng simbahan.”

“Okay. I’ll get my laptop.”

Nagpunta ako sa kusina at sa kuwarto naman namin siya tumuloy.

Na-fixate talaga ako sa date. Iyon talaga ang gusto ko. Pero kung hindi itong paparating na January 3, masyado nang matagal iyong susunod. Praktikal iyong civil wedding muna kasi gusto ko talagang magpakasal na kami kaya lang...

Hindi ako relihiyosong tao. Nagsisimba lang ako noong teenager ako kasi Catholic school ang *Xavier* kung saan ako nag-aral. Non-secular na iyong pinasukan ko noong college kaya huminto na ako sa pagsisimba. Nagsimba na lang ako ulit noong nakilala ko si Mere. Pero talagang gusto ko siyang pakasalan sa simbahan.

Na-imagine ko na naman si little Meredith. Sigurado naman akong noon pa lang maganda na siya. Nakakatuwa lang isipin na nag-i-imagine na siyang ikakasal siya noon pa lang...

Pero habang kumukuha ako ng ham sa freezer, bigla akong natigilan kasi may naisip ako.

Kung noon pa lang ay nai-imagine na ni Mere na ikakasal siya, malamang ang una niyang na-imagine na groom ay si...

Sinimulan akong kainin ng selos nang maisip ko si Craig.

Nakatayo pa rin ako sa tapat ng bukas na ref nang lumabas

ng kuwarto namin si Mere dala ang *MacBook Air* niya.

Nakita ko rin sa isip ko na si Craig ang ring bearer doon sa kasal na in-attend-an ni Mere. At gaya ng lahat ng irasyonal na taong nagseselos, biglang sumama ang loob ko pati sa *Santuario de San Antonio*.

*Ano ka ba, Montesines? Ano naman ngayon kung si Craig ang una niyang na-imagine na groom? Hindi ka pa naman niya kilala n'un!*

*'Tsaka ano pa'ng gusto mo? Ikaw ang first love niya. Ikaw ang nakauna sa kanya. Ikaw ang pakakasalan niya at ikaw ang magiging ama ng isang dosena niyang mga supling!*

Naupo si Mere sa counter at in-on ang laptop. Pinagmasdan ko lang siya, iniisip kung sasabihin ko ba sa kanya o hindi ang insecurity ko. Ayoko namang magmukhang tanga pero ipinangako naming walang sekreto, di ba? Minsan na akong nagtago ng insecurity tungkol kay Craig. Look how that turned out.

“Baby girl?”

“Yeah?”

I cleared my throat. “N’ung na-imagine mong ikinakasal ka n’ung bata ka... sino’ng na-imagine mong groom?”

Hindi siya nag-angat ng tingin mula sa laptop. And without hesitation, replied, “Si Nick Carter. Yung *Backstreet Boy*.”

Naubo ako sa gulat bago ako nagsimulang ngumisi, bago ako nagsimulang tumawa. Nakahinga ako nang maluwag. Noon tumunghay si Mere sa akin.

“Bakit?” tanong niya, nagtataka.

Lumapit ako sa kanya at hinalikan siya mula sa kabilang banda ng counter bago ako bumalik sa harap ng ref para kumuha ng cheese at letsugas. Nang isara ko ang pinto ng ref, naramdaman kong niyakap ako ni Mere mula sa likuran. Nakalapit na pala siya sa akin. Hinalikan niya ako sa balikat. Alam na niya kung bakit.

“Sorry. Inatake na naman ako ng insecurity.”

She tightened her hold around my body. “Kung naisip ko mang ikinasal kaming dalawa ni Craig, that was nothing but the imagination of a little girl who didn’t know better,” she whispered against my back. “You’re my reality, Ash. And my reality is a thousand times better than anything that little girl could ever have imagined.”

Pumikit ako para hayaang payapain ng sinabi niya ang insecure at seloso kong puso. Pagkatapos ay ibinaba ko ang hawak kong pagkain at hinawakan ang mga braso niya. Nakaharap na ako sa kanya.

When I kissed her, I kissed her with tenderness.

Nang pakawalan ko ang mga labi niya, ngumiti ako sa kanya. “Thank you for always knowing what to say to me.”

She smiled and kissed me again.

“Gusto mo ng sandwich?” tanong ko nang balikan niya ang laptop.

“No, thanks. Busog na busog pa ako.” Nag-click siya ng ilang beses. “Okay, I’m on the site.” She looked up at me. “Kapag walang available na slot sa January 3, 2016, either pili

tayo ng ibang date or sa 2017 na tayo ikakasal, okay?”

“Okay.”

Tumungo siya ulit sa screen. Imbes na gumawa ng sandwich, nanatili lang akong nakatayo roon, nakatingin sa kanya, kinakabahan, excited, nagdarasal na sana, sana, sana may available na slot sa January 3.

Parang iyong engagement ring lang namin. Iyong sabi kong kapag kasya kay Mere iyong singsing na naka-display, 'yun na 'yun. So pag puwede sa gusto naming date, 'yun na rin 'yun. Iyon na talaga.

Pinanood kong mabuti ang ekspresyon ni Mere. Hindi iyon nagbago habang nagbabasa siya sa website ng *Santuario de San Antonio*. Nag-angat siya ng mukha at tiningnan ako. Tumaas ang mga kilay ko sa kanya.

She pressed her lips together then she started to smile. “Available pa 'yung 2 p.m. slot sa January 3, 2016.”

Then she covered her face with her hands. Malakas at masaya akong tumawa bago ko nilayasan iyong sandwich at lumapit kay Mere. Niyakap ko siya at binuhat mula sa kinauupuan niyang stool. Sabay siyang umiiyak at tumatawa habang nakayakap sa akin.

“God, Ash! We’re getting married!”

Natawa na rin ako at hinalikan siya ulit bago ako nagsimulang maglakad. Hindi napansin iyon ni Mere hanggang sa nasa kuwarto na kami at nakahiga na siya sa kama namin at nasa ibabaw na niya ako ulit.

Tiningnan niya ako na namimilog ang mga mata. “Na

naman, Ash?”

“May wedding date na tayo. Kailangan nating i-celebrate ‘yun,” kindat ko.

Then I covered her mouth with mine.



Alas diez ng umaga kinabukasan, tumawag si Mere kay Father Joel, iyong nag-bless ng bahay namin, na pari pala sa *Santuario de San Antonio*. Ten minutes later, naipa-reserve na namin iyong simbahan. Meron daw pala talagang naka-schedule nang araw at oras na iyon kaya lang nag-cancel. Alam sigurong iyon ang gusto naming date at oras ni Mere kaya nahiya sa amin, nag-cancel na lang.

Pagkatapos niyon, tumawag siya kay Mommy. Halos marinig ko mula sa tapat ni Mere sa mesa niya iyong tili ni Mommy nang ibalita sa kanya na may limang buwan na lang kami para maghanda para sa kasal.

Kausap pa ni Meredith ang mommy niya nang makatanggap ako ng email mula sa PR. Nanghihingi sila ng pictures na gusto at puwede naming i-share para raw sa TV interview na pupuntahan namin bukas. Wala kasi kaming pictures na naka-post online maliban sa picture namin na naghahalikan sa bar nina Hank noong bago pa niya ako sagutin—na hindi namin alam kung sino ang kumuha.

Hindi rin nga kasi ako nag-po-post ng mga pictures, di ba? Wala ring *Facebook* si Mere.

Namili kami ng mga pictures namin sa libreng oras si Mere, pagkatapos ipinadala namin ang mga iyon sa PR.



Pagkatapos ng trabaho, sinamahan ako ni Mere na magpagupit. Wala naman akong suking barbero kaya sa mall na lang kami nagpunta. Doon na rin kami naghapunan bago umuwi para hindi ko na paglutuin si Mere.